


Music

Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Instrumentong Rondalya



**Music – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Instrumentong Rondalya
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Maria Niza P. Cosares
Editors:	Deowel F. Abapo, Eden Lynne V. Lopez
Tagasuri:	Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Jose Aldrin F. Avellana
Tagalapat:	Eden Lynne V. Lopez, Ransel E. Burgos
Tagapamahala:	Ma. Gemma M. Ledesma Arnulfo M. Balane Rosemarie M. Guino Joy B. Bihag Ryan R. Tiu Nova P. Jorge Raul D. Agban Lorelei A. Masias David E. Hermano, Jr. Shirley L. Godoy Eva D. Divino Jo-ann C. Rapada

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte
Telefax: (053) 832-2997
E-mail Address: region8@deped.gov

5

Music

**Ikatlong Markahan – Modyul 5:
Mga Instrumentong Rondalya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang Pilipinas ay mayaman sa kultura. Ito ay naipakikita natin sa dami ng makukulay na pista o pagdiriwang sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas sa buong taon. Hindi maikakaila na ang bawat pagdiriwang ay hindi kumpleto kung walang musika. Kadalasa'y ating napapansin na may tumutugtog na banda o kaya ay rondalya sa tuwing araw ng pista.

Sa modyul na ito, makikilala natin sa pamamagitan ng pakikinig (aurally) at biswal na pagkilala (visually) ang iba't-ibang instrumento ng rondalya at inaasahang makamit ang sumusunod na mga layunin:

- a. Nakikilala ang iba't-ibang uri ng tunog ng mga instrumento ng rondalya. (MU5TB-III-f-3.1)



Subukin

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang mga instrumentong kinakalabit at ekis (x) ang hindi kinakalabit.

- | | |
|---------------------|------------------------|
| _____ 1. Snare drum | _____ 6. Bass drum |
| _____ 2. Bandurya | _____ 7. Oktabina |
| _____ 3. Tenor drum | _____ 8. Gitara |
| _____ 4. Cymbals | _____ 9. Bell lyre |
| _____ 5. Laud | _____ 10. Baho de arko |

Aralin

5

Mga Instrumentong Rondalya



Balikan

Panuto: Isulat ang mga uri ng tinig na iyong natatandaan.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____



Tuklasin

Panuto: Isulat sa mga patlang bago ang aytem ang pangalan ng instrumentong isinasaad sa pangungusap. Piliin ang tamang sagot sa mga salitang nasa loob ng panaklong.

- _____ 1. Ang instrumentong ito ay kabilang sa rondalya na may anim na kwerdas.
(gitara, laud, oktabina)
- _____ 2. Ang instrumentong ito ay ang pinakamalaki sa rondalya.
(oktabina, baho de arco, laud)
- _____ 3. Ang instrumentong ito ay hugis peras.
(laud, gitara, bandurya)
- _____ 4. Ang instrumentong ito ay may labing-apat na kwerdas at ginagamitan ng pick.
(gitara, oktabina, baho de arco)
- _____ 5. Ang instrumentong ito ay kahawig ng bandurya ngunit mas maliit ang katawan.
(baho de arco, piccolo bandurya, bandurya)



Suriin


Ang Rondalya






Ang Rondalya ay kilala rin bilang *Filipino String Band*. Ito ay isa sa mga impluwensya-na nakuha natin mula sa Espanya noong ika-18 siglo. Ang salitang *rondalya* ay mula sa salitang Espanyol na *ronda* na nangangahulugang harana o serenade. Ito ay binubuo ng mga orihinal na instrumento tulad ng gitara, mandolin, at lute. Sa kalaunan, nakabuo ang mga Pilipino ng mga instrumentong gaya ng mga dala ng taga-Espanya mula sa mga kahoy na matatagpuan sa Pilipinas gaya ng Molave, Yakal, Narra at Kamagong.

Noon ang tinutugtog lamang sa rondalya ay mga awitin at komposisyon na mula sa *-Europa*. Hindi nagtagal ay unti-unting ginagamit ang rondalya bilang saliw sa mga awiting-bayan, folk songs, at iba pang awitin tulad ng Balitaw, Harana, at Kundiman. Rondalya ang ginagamit sa pagtugtog ng musika sa mga sayaw tulad ng Subli, Tinikling, La Jota, Cariñosa at gayun din sa mga makabagong awitin.

Naging kilala ang rondalya noong 1960. Karamihan sa mga barangay, bayan, at maging sa mga paaralan sa Pilipinas ay may sariling grupo ng rondalya. Kaliwa't kanan din ang mga patimpalak sa mga barangay at sa mga purok na higit na nagpakilala sa rondalya sa larangan ng musika, telebisyon, at maging sa pelikula. Ito ang dahilan kung bakit magpahanggang ngayon ay kilala at tinatangkilik ng marami ang rondalya.

Ang mga Instrumentong Rondalya

Larawan ng Instrumento	Pangalan ng Instrumento	Katangian
	Bandurya	Ang katawan ng bandurya ay hugis peras. Ito ay may labing- apat na kuwerdas. Ang tinutugtog nito ay ang pangunahing himig o melodiya.

Larawan ng Instrumento	Pangalan ng Instrumento	Katangian
	<p>Piccolo Bandurya</p>	<p>Ang instrumentong piccolo bandurya ay kahawig ng bandurya na hugis peras ngunit mas maliit ang katawan at mataas ang tunog.</p>
	<p>Laud</p>	<p>Ang instrumentong laud ay kahawig ng bandurya na hugis peras ngunit mas mababa ng isang oktaba ang tunog.</p>
	<p>Oktabina</p>	<p>Ang katawan ng oktabina ay katulad ng sa gitara. Ito ay may labing-apat na kuwerdas. Ang tunog nito ay mas mababa ng isang oktaba sa bandurya.</p>
	<p>Gitara</p>	<p>Ang gitara ay may anim na kuwerdas. Ang instrumentong ito ang nagbibigay ng akorde sa rondalya. Ito rin ang nagsisilbing saliwang sa melodiya ng awitin.</p>
	<p>Baho de-arco (Baho de-Uñas)</p>	<p>Ang Baho de arco na tinatawag ding Baho de Uñas ang pinakamalaking instrumento ng rondalya na may mababang tunog. Ito ay may apat na makapal na kuwerdas na tinutugtog sa pamamagitan ng paggamit ng pagkalabit ng mga daliri. Ito ang katangi-tanging instrumento sa rondalya na walang frets.</p>



Pagyamanin

Gawain 1. Kilalanin mo ako!

Panuto: Bilugan ang mga instrumento ng rondalya sa bawat bilang.

- | | | |
|-----------------|------------------|------------|
| 1. cymbals | laud | bell lyre |
| 2. baho de arco | bass drum | tenor drum |
| 3. cymbals | piccolo bandurya | bandurya |
| 4. oktabina | bell lyre | tenor drum |
| 5. bell lyre | gitara | cymbals |



Isaisip

Panuto: Punan ng sagot ang patlang sa pamamagitan ng pagsasaayos ng pinaghalo-halong letra.

Ang (AYLADNOR) 1._____ ay kilala bilang Filipino String (DNAB) 2._____. Ito ay binubuo ng (MINA) 3._____ na instrumentong kwerdasan. Ito ay ang (AYRUDNAB) 4._____, piccolo (DAUL) 5._____, gitara, baho de arco at oktabina.}



Isagawa

Panuto: Tukuyin ang mga instrumento ng rondalya na nakikita sa larawan. Isulat ang sagot sa loob ng kahon na nasa kanang bahagi.








Kabataang Silay Rondalla Ensemble, community rondalla group of Silay City, Negros Occidental





Tayahin

Panuto: A. Piliin mula sa Hanay B ang mga pangalan ng instrumento sa mga larawan na nasa Hanay A. Gamitin ang guhit na linya sa pagsagot.

	HANAY A	HANAY B
1.		A. gitara
2.		B. oktabina
3.		C. baho de arco
4.		D. laud
5.		E. bandurya

B. Piliin mula sa kahon ang sagot at isulat ito sa patlang na nakalaan bago ang bilang.

laud	baho de arco	oktabina
gitara	piccolo bandurya	bandurya

- _____ 6. Ang instrumentong ito ay kahawig ng bandurya na hugis peras ngunit mas maliit ang katawan at mataas ang tunog.
- _____ 7. Ang instrumentong ito ay ang pinakamalaki sa rondalya at may mababang tunog.
- _____ 8. Ang instrumentong ito ay kahawig ng bandurya na hugis peras ngunit mas mababa ng isang oktaba ang tunog.
- _____ 9. Ang katawan ng instrumentong ito ay katulad ng sa gitara ngunit may labing-apat na kwerdas at ginagamitan ng pick.
- _____ 10. Ang instrumentong ito ay ginagamit sa pagtugtog ng akorde.



Karagdagang Gawain

Panuto: Bilang isang mag-aaral, paano mo pahahalagahan ang instrumento ng rondalya? Gumawa ng slogan ukol dito. Gamitin ang kahon sa ibaba.



Susi sa Pagwawasto

SUBUKIN:
 1. X
 2. /
 3. X
 4. X
 5. /
 6. X
 7. /
 8. /
 9. X
 10. /

BALIKAN:
 1. Soprano
 2. Alto
 3. Tenor
 4. Bass

TUKLASIN:
 1. Gitara
 2. baho de arco
 3. bandurya
 4. oktabina
 5. Piccolo
 bandurya

PAGYAMANIN:
Gawain 1
 1. laud
 2. baho de arco
 3. bandurya
 4. oktabina
 5. gitara

ISAISIP:
 1. Rondalya
 2. BAND
 3. ANIM
 4. Bandurya
 5. LAUD

ISAGAWA:
 (Sariling Sagot)

TAYAHIN:
 A.
 1. C
 2. A
 3. B
 4. E
 5. D
 B.
 6. Piccolo Bandurya
 7. Baho de arco
 8. Laud
 9. Oktabina
 10. Gitara

Sanggunian

Hazel P. Copiaco and Emilio S. Jacinto Jr., *Halinang Umawit at Gumuhit*, (Quezon City: Vibal Group, 201), 65-66.

Kabataang Silay Rondalla Ensemble, Community Group of Silay City Negros Occidental.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph